Bersyong nakabuod

# "Global City Ota" Multiculturalism Promotion plan (para taong 2024-2028)

Unang pundasyon ng panukala

## I Suporta sa Komunikasyon

Karagdagan sa pagbabago mula "Impormasyong ipaaalam" patungo sa "Impormasyong nauunawaan", tulad ng pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika at paggawa ng mga karatulang gabay, isusulong naming ang pag-unawa sa wikang Hapon at iba't ibang mukha ng pamumuhay sa Japan.

### Kategorya 1: "Pagsasalin sa iba't ibang wika at Epektibong Pagpapalabas ng Impormasyon"

Administratibong impormasyon na madaling maunawaan sa plataporma at pangyayari sa buhay ng mga mamamayang dayuhan, gayundin ang impormasyong nauugnay sa araw-araw na pamumuhay.



### Kategorya 2: "Mga pagsisikap upang matututo ng Wikang Hapon at makapamuhay ng maayos sa Japan"

Pagbubukas ng mga Klase sa Wikang Hapon upang maabot ang iba't ibang pangangailangan sa pag-aaral at malawakang pagpapalabas ng impormasyon tungkol sa paraan ng pamumuhay sa Japan.




## Pananaw para sa Hinaharap

**Pag-unawa sa iba't ibang kultura, pakikipag-ugnayan sa bawat isa, at paglipad sa hinaharap ng "Global City Ota"**

**Panimulang Layunin 1** — Magkakaroon ng mas mabuting Samahan ang mga dayuhan at mga Hapon sa isang pantay na katayuan para palawakin ang kamalayan sa sama-samang pamumuhay sa iba't ibang kultura.

**Panimulang Layunin 2** — Lilikha kami ng isang lungsod kung saan ang mga dayuuhan ay makapaninirahan nang may katahimikan ang isip sa loob ng komunidad.

**Panimulang Layunin 3** — Isusulong naming ang "Global City Ota"kung saan ang mga dayuhan ay makalalahok nang masigasig.

Unang pundasyon ng panukala

## III Pagsusulong ng Pandaigdigang Pag-unawa at Pakikipagpalitan


Karagdagan sa pagpapalaganap ng kagandahan ng "Global City Ota", lilikha kami ng mga oportunidad para sa pandaigdigang pag-unawa tulad ng pakikipagpalitan ng mga proyekto sa rehiyon, mga syudad sa ibang bansa, at pag-debelop ng mga manggagawa mula sa iba't ibang bansa, paglikha ng kapaligiran kung saan magkakaroon ng aktibong tungkulin ang mga residenteng dayuhan, at gawing kumportableng lugar ang syudad para sa lahat sa pamamagitan ng pagsusulong ng diversity.

### Kategorya 7 "Pagpapabuti ng mga pakikisalamuha sa pagitan ng mga Hapon at Dayuhan"



Sa pamamagitan ng mga event at ibá't ibang pakikisalamuha, isusulong namin ang pag-unawa sa isa't isa at mga harapang pakikisama sa pagitan ng mga residenteng Hapon at mga residenteng dayuhan, na magdadala sa lalo pang pagpapayaman ng kamalayan sa sama-samang pamumuhay sa iba't ibang kultura.

### Kategorya 8 "Pag-develop at Aktibong Partisipasyon ng mga Manggagawa mula sa iba't ibang bansa."



Karagdagan sa pagsasanay ng mga volunteer at sa pagbibigay sa kanila ng mga oportunidad na magkaroon ng aktibong tungkulin, isusulong naming ang edukasyong pandaigdigan sa mga local na elementarya at junior high school. Magbibigay din kami ng mga lugar at impormasyon para sa pag-aaral ng Wikang Hapon na magagamit sa pagtatrabaho.

### Kategorya 9 "Lalo pang pagpapabuti sa Kagandahan ng Global City Ota"



Gagamit kami ng iba't ibang media upang palaganapin ang kagandahan ng "Global City Ota" sa loob man at sa labas ng bansa, na maipagmamalaki ng mga residente ng syudad.

Unang pundasyon ng panukala

## II Paglikha ng kapaligiran sa pamumuhay na kumportable para sa mga residenteng dayuhan

Upang matiyak na ang mga residenteng dayuhan ay nakapamumuhay sa komunidad nang panatag, karagdagan sa pagbibigay ng wastong impormasyon ayon sa plataporma ng buhay at cycle ng buhay, tulad ng pag-iwas sa sakuna, pagpapalaki ng anak, at pangangalagang medical, pagsisikapan namin na magbigay ng detalyadong suporta na nakabatay sa bawat indibidwal na pangangailangan sa tulong ng mga lokal na komunidad at mga institusyong medikal.

### Kategorya 3 "Pagbibigay ng Kaligtasan at Seguridad"

Pagpapalabas ng application at pamphlet tungkol sa pag-iwas sa sakuna, at mga impormasyon sa pag-iwas sa sakuna para makapagtatag ng isang sistema na tutulong samga residenteng dayuhan na makapamuhay nang panatag sa komunidad.




### Kategorya 4 "Pagpapabuti sa pagpapalaki ng anak/Edukasyon"

Magpapalabas kami ng impormasyon para sa mga magulang na dayuhan tungkol sa pagpapalaki ng anak at sa pagpapaaral ng anak. Karagdagan sa pagsuporta sa pag-aaral ng mga batang dayuhan, bibigyan rin ng pagsasanay ang mga volunteer na nagbibigay ng tulong.



### Kategorya 5 "Suporta sa Pangangalagang Medikal at Kapakanan"

Magbibigay kami ng mga impormasyon sa aspeto ng kalusugan at kalinisan sa katawan ayon sa pangangailangan na nasa iba't ibang wika. Magbibigay kami ng suporta may iba't ibang antas para sa iba't ibang problema ng mga residenteng dayuhan sa tulong ng mga kaugnay na organisasyon.



### Kategorya 6 "Paglikha ng network na gumagamit ng diversity"

Pabubutihin naming nang higit pa ang "Multilingual Consultation Desk" sa Ota International Exchange Center. Gagamitin namin ang aming network kasama ang iba't ibang mga kasapi upang magsulong ng mga pamamaraan sa pamumuhay sa iba't ibang kultura.

